# Paliwanag tungkol sa Civil Protection.

## -Impormasyon mula sa Nagoya City-

Ang Nagoya City ay gumawa ng Nagoya City Civil Protection Plan alinsunod sa Civil Protection Law noong 2007.
Ang Civil Protection ay tumutukoy sa pagtutulungan ng nasyonal at lokal na pamahalaan at iba pang kaugnay na ahensiya upang magsagawa ng paggabay o pagligtas sa mga lumilikas na residente para protektahan ang buhay, pangangatawan, at ari-arian ng mga residente kung sakaling may posibilidad na mangyari o may nangyaring armadong pag-atake o malawakang terorismo sa ating bansa.
Ipaliliwanag dito ang nilalaman ng plano upang maging klaro ang pagkilos ng lahat kung sakaling mangyari ito.

## Para makalikas ang mga residente

Ang importante sa Civil Protection ay kung paano ang transmisyon ng impormasyon sa mga residente upang makalikas* sa mas ligtas na lugar.
Upang maisakatuparan ito, isasagawa sa Nagoya City ang mga hakbang upang makalikas ang mga residente sa mga susunod na punto kung sakaling may posibilidad na mangyari o may nangyaring armadong pag-atake o malawakang terorismo.

*Tandaan na ang paglikas sa Civil Protection ay iba sa paglikas sa sakuna kung saan lumilikas sa pinakamalapit na elementary o junior high school dahil maaaring ang paglikas ay sa ibang lungsod o kaya ay sa loob ng pinakamalapit na gusali.

### Flowchart ng Paglikas


Kung sakaling may posibilidad na mangyari o may nangyaring armadong pag-atake o malawakang terorismo sa Nagoya City → Step ① Transmisyon ng impormasyon tungkol sa babala at paglikas → Step ② Paglikas

### Step ① Ibabahagi ang impormasyon tungkol sa babala at paglikas.

Magbabahagi ang nasyonal o prefectural na pamahalaan ng babala o impormasyon tungkol sa paglikas kung sakaling may posibilidad na mangyari o may nangyaring armadong pag-atake o malawakang terorismo.

Babala: nagbabahagi ng impormasyon tungkol sa nalalapit na armadong pag-atake o aktwal na pangyayari nito at iba pa.
Impormasyon tungkol sa paglikas: nagbabahagi ng impormasyon tungkol sa mga lugar na kailangan ng paglikas, lugar kung saan lilikas, at iba pa.

### Ruta ng transimisyon sa mga residente





Mga residente: alamin ang impormasyon sa telebisyon at iba pa, maghanda sa paglikas, at iba pa

*J Alert: Isang sistema ng agarang transmisyon ng emergency information mula sa nasyonal na pamahalaan para sa mga residente na awtomatikong naglulunsad ng disaster prevention administrative radio at emergency alert email kung saan ang emergency information tulad ng impormasyon ng ballistic missile, malaking tsunami, earthquake early warning, at iba pa ay ipnapadala ng nasyonal na pamahalaan (mula sa Cabinet Secretariat at Japan Meteorological Agency sa pamamagitan ng Fire and Disaster Management Agency) gamit ang man-made satellite.

## Step ② Paano lumikas?

Ang paglikas ay may 3 sumusunod na klasipikasyon.
Lumikas sa pamamagitan ng pagsunod sa angkop na gabay.



### Case 1 Paglikas sa loob ng gusali (Kapag may malapit na paparating na panganib)

- Kapag nasa loob ng gusali, isarado ang pintuan at bintana, at huwag lumabas hanggang makatanggap ng gabay.
- Kapag nasa labas ng gusali, lumikas sa matibay na gusali, underground mall, at iba pa na malapit sa iyo.



### Case 3 Paglikas sa evacuation facility sa labas ng lungsod

Lumikas sa evacuation facility na tinukoy ng Nagoya City gamit ang tren at iba pa. Sa pagpunta sa istasyon ng tren, pumunta sa pamamagitan ng paraan maliban sa kotse tulad ng paglalakad, bus ng lungsod at subway na tumatakbo sa normal na operasyon.



### Case 2 Paglikas sa evacuation facility sa loob ng lungsod

Lumikas sa evacuation facility na tinukoy ng Nagoya City gamit ang paraan maliban sa kotse tulad ng paglalakad, bisikleta, at iba pa.





Paalala: Huwag gumamit ng kotse! Magkakaroon ng mabigat na trapiko kapag gumamit ng kotse at hindi na makakalikas!

## Para sa pamumuhay bilang refugee sa lugar na nilikasan

Ang lokal na pamahalaan na nangangasiwa sa evacuation facility ay magsasagawa ng relief operations tulad ng pamimigay ng pagkain at medikal na pangangalaga sa mga taong lumikas. Bukod pa rito, ang nasyonal at lokal na pamahalaan ay makikipagtulungan sa kaugnay na ahensiya upang kumalap ng impormasyon sa kaligtasan ng mga taong lumikas at sumagot sa mga katanungan tungkol sa nahiwalay na kapamilya at iba pa.




## Pakiusap mula sa Nagoya City

### Mga bagay kung saan hinihiling ang kooperasyon ng mga residente

Sa disaster prevention, upang maprotektahan ang buhay, pangangatawan, at ari-arian ng mga residente mula sa sakuna, hinihiling ang kooperasyon alinsunod sa prinsipyo ng "self help", "mutual help", at "public help". Masasabing importante ang kooperasyon alinsunod sa mga prinsipyong ito pati na rin sa panahon ng sakuna dulot ng armadong pag-atake at malawakang terorismo.

Bukod pa rito, bilang paghahanda sa sakuna, importante rin ang regular na pakikipag-usap sa kapamilya tungkol sa paghahanda ng emergency goods at paraan ng komunikasyon at iba pa kasabay ng disaster prevention.




Contact information

**Tungkol sa Civil Protection Plan** Disaster Prevention and Risk Management Bureau, Risk Management Planning Office

TEL: 052-972-3523 FAX: 052-962-4030
E-mail: a3523@bosaikikikanri.city.nagoya.lg.jp

**Tungkol sa Civil Protection Plan Response** Disaster Prevention and Risk Management Bureau, Risk Countermeasures Office

TEL: 052-972-3522 FAX: 052-962-4030
E-mail: a3522@bosaikikikanri.city.nagoya.lg.jp


Ang markang ito ay isang international distinctive sign ng civil defence para matukoy ang mga tao, sasakyan, at iba pa na magsasagawa ng hakbang para sa civil protection.